FILIPINO

Pagpipili ng Isang Mahusay na Paalagaan sa Mga Oras na Walang Eskwela

Impormasyon Para sa mga Pamilya

Putting Children First

NCAC

National Childcare Accreditation Council Inc.

Ano ang paalagaan sa mga oras na walang eskwela

Ang paalagaan sa mga oras na walang eskwela ay nagbibigay ng pangangalaga sa mga batang nag-aaral bago at pagkatapos ng klase, sa mga araw na walang pasok, at/o sa mga araw ng bakasyon (paalagaan sa panahon ng bakasyon). Ang paalagaan sa mga oras na walang klase ay nagbibigay ng iba't-ibang uri ng paglalaro at paglilibang sa ligtas, mataguyod at mapayapang lugar. Ang mga serbisyo ay maaaring magsaayos rin ng organisadong pamamasyal, lalo na sa paalagaan sa panahon ng bakasyon.

Ang mga kawani ng paalagaan sa mga oras na walang eskwela ay nagbibigay ng malawak na hanay ng mga gawaing nakaplano sa pagkikipagsanggunian nila sa mga bata at pamilya, at batay sa pangangailangan, hilig at kakayahan ng bawat bata. Ang paalagaan sa mga oras na walang eskwela ay nagbibigay ng mga mapagpipilian at may paghahamon at naghihikayat sa kanilang magkaroon ng mga kakayahan sa buhay, sa pagsasarili at sa pakikipagkaibigan. Dahil ibat-ibang mga edad ang grupo ng batang nasa paalagaan, ang mga bata ay binibigyan ng masiglang ginagampanang papel sa pagdedesisyon upang matiyak na ang kapaligiran at mga karanasan ay nakatuon sa bata at masaya.

Paano ko matatagpuan ang paalagaan sa mga oras na walang eskwela?

Ang mga pamilya ay pwedeng magtanong sa kanilang pinakamalapit na paaralan kung mayroon itong paalagaan sa mga oras ng walang eskwela, o kung mayroong ganitong serbisyo na malapit sa paaralan ng kanilang mga anak. Ang mga pamilya ay kailangang makipag-alam sa serbisyo upang malaman kung may bakante at malaman kung paano ang nasusubaybayang pagbiyahe mula paaralan hanggang sa lugar ng may serbisyo.

Upang matulungan ang mga pamilyang naghahanap ng paalagaan, ang National Childcare Accreditation Council (NCAC) ay naglalagay ng pangalan ng mga paalagaan ng bata sa madaliang paghahanap sa aming website (www.ncac.gov.au) o sa pagtawag sa 1300 136 554.

Ano ang mga katangiang dapat kong hanapin?

Ang pagpili ninyo ng serbisyo ng paalagaan sa bata ay maaaring naaapektuhan ng ibat-ibang bagay kaya ang mga pamilyang naghahanap ng mahusay na paalagaan sa bata ay hinihikayat na ihanda ang mga gustong itanong at kung ano ang hahanapin sa isang serbisyo ng paalagaan sa bata. Maaaring gusto ninyong tanungin sa inyong sarili ang mga sumusunod na katanungan:

- Itong serbisyo ba ay Akreditado? Hilinging tingnan ang kanilang *Certificate of Accreditation* at *Quality Profile*.
- Ang mga tagapag-alaga ba ay nakikipag-usap sa mga bata ng malambing at mapagkaibigang paraan?
- Anong pansimulang proseso ang naroroon para sa aking pamilya? Ano ang mangyayari sa unang araw ng aking anak sa paalagaan?
- Paano ko malalaman ang mga pagbabago ng mga kawani? Sino ang makakausap ko tungkol sa aking anak?
- Paano nasusubaybayan ang aking anak?
- Anong mga gawain ang gagawin ng aking anak? Paano pinipili ang mga gawaing ito?
- Anong balik-ulat tungkol sa naging araw ng aking anak ang ibinibigay sa akin at paano ito ipinararating sa akin?
- Mayroon bang naka-displey na nakasulat na programa? Paano makikisali ang aking pamilya sa pagpaplano at pagtasa ng mga programa?
- Paano masasagot ng tagapag-alaga ang mga natatanging o mga dagdag na pangangailangan ng aking anak?
- Paano mapapakinggan at magagawa ang mga nasa kaisipan at opinyon ng aking anak?
- Mayroon bang mga laruan, kagamitan at mga gawain na maaaring mapagpipilian ang aking anak at makakasagot sa kanyang interes at kakayahan?
- Ang mga gawain at mga bagay na gagamitin ba ay nakakainteres at nakakahamon sa mga mas matandang bata?
- Mayroon bang mga pagkakataon upang makasali ang aking anak sa mga gawaing nagbibigay sa kanila ng pagkakataong masubukan ang mga tunay na gawain sa buhay? Halimbawa, pangpersonal na kalinisan at mga oras ng kainan.
- Mayroon bang hiwalay na lugar para sa magulong paglalaro at para sa tahimik na paglalaro?
- Ang mga kagamitan ba at paligid ba sa labas at loob ng paalagaan ay nakakaakit, maayos, ligtas at malinis?
- Ano ang patakaran sa pamamatnubay ng asal at ano ang gagawin ng mga tagapag-alaga kung may naga-awayan, nag-iiyakan o hindi nakikisama sa mga gawain?
- Sino ang responsable sa pagbibigay ng pagkain at inumin sa bata? Ang ibinibigay bang pagkain ay sapat at masustansya? Paano maibibigay ang mga natatanging pagkaing kinakailangan ng aking anak?
- Mayroon bang impormasyon tungkol sa mga alituntunin at mga pamamaraan na maibibigay sa mga pamilya? Paano kami makakakuha ng impormasyong ito?
- Anong mangyayari kung ang aking anak ay nangangailangan ng medikasyon? Anong mangyayari kong siya ay magkasakit o maaksidente habang nasa pangangalaga?
- Anong proseso ang nakatalaga para ang aking anak ay kasali sa pagdedesisyon sa pagbubuo ng mga alituntunin at kahihinatnan?
- Mayroon bang pamamaraan sa paghawak ng mga hindi wastong pag-aasal katulad ng pagkaka-'bully'?
- Paano ang paghatid at pagsundo ng aking anak sa eskwela? Paano niya malalaman ang mga pamamaraang ito?
- Anong pangangailangan sa kaligtasan ang dapat pag-isipan sa pagbiyahe ng aking anak kapag papunta at parating sa eskwela at pamamasyal?

© National Childcare Accreditation Council Inc - June 2005,

Buksan ang pahina ->

Ano ang Outside School Hours Care Quality Assurance (OSHCQA)?

Hangarin ng OSHCQA na makapagbigay ng mataas na kalidad ng pag-aalaga na nagtataguyod sa pagkakatuto at paglaki ng mga batang nag-aaral. Pinagtutuonan ng pansin ang paglalaro, pakikisalamuha sa lipunan at libangan

Ang malawak na layunin ng OSHCQA ay matiyak na ang mga batang nasa pag-aalaga sa mga oras na walang eskwela ay may nakakaakit at magandang karanasan na nagpapasulong sa paniniwala sa sarili at kompiyansa. Ginagawa nito sa pamamagitan ng pagbibigay katuturan sa kahusayan ng mga paalagaan sa mga oras na walang eskwela at sa pagtasa ng kahusayan ng pag-aalagang ibinibigay.

Ang mga serbisyong nakakasagot ng sa mga batayan ng OSHCQA ay binibigyan ng Akreditasyon ng NCAC at ginagantimpalaan ng isang *Certificate of Accreditation* na kanilang ididispley. Makakatanggap pa ang paalagaan ng *Quality Profile Certificate* na nagpapakita ng nakamit na marka sa bawat Quality areas. Pwedeng hilinging tingnan ng mga pamilya itong *Sertipiko*.

Ang mga batayan sa Akreditasyon ay base sa 8 na Pook ng Kahusayan sa pag-aalaga na silang nagtitiyak na ang mga serbisyo ay nakakapagbigay sa mga bata ng mga posibleng pinakamahusay na karanasan.

Ang 8 Bahagi ng Kahusayan ng OSHCQA

1. Paggalang sa mga Bata – ang mga kawani ay sumusuporta sa bawat bata na magkakaroon ng pagtitiwala sa sarili sa pamamagitan ng paggalang sa pinanggalingan at kakayahan ng bata.

2.Ang Ugnayan ng mga Kawani at mga Bata at mga Kasama - ang mga palaging magalang at marahang pagpapahayag at ugnayan sa pagitan ng mga kawani at mga bata upang matiyak na naaabot ang pangangailangan sa paglalaro at pag-aalaga ng mga bata.

3. Pakikipagsosyohan sa mga Pamilya – ang mga pagsasamahan sa pagitan ng mga kawani at mga pamilya na nakikita sa pakikipagtalakayan at pakikipagsanggunian na pinapairal ng mga kawani at ang pangasiwaan.

4. Pagpaplano at pagtasa ng halaga – ang epektibong pagpaplano na may pakikipagsanggunian sa mga kawani, pamilya at mga bata ay nirerepaso upang matiyak na naaabot nito ang pangangailangan, interes at mga kakayahan ng bawat bata.

5. Laro at Kaunlaran – kinikilala ng serbisyo ang mga natatanging pangangailangan ng bawat bata, kaya gumagawa nito ng mga programang nakakatulong sa kanilang paglaro.

6. Kalusugan, Nutrisyon at Kapakanan – ang mga serbisyo ay nagtataguyod sa kapakanan, nakakapagpalusog na pagkain at sumusunod sa mga paraan ng kalinisan sa pamamagitan ng paghuhugas ng kamay at pagkakababakuna.

7. Pananggol na Pag-aalaga at Kaligtasan – ang pangasiwaan at mga kawani ay inilalagay sa unahan ang kaligtasan ng mga bata sa lahat ng oras at may mga pamamaraan na gawing matiyak ito.

8. Pangangasiwa Upang Masuportahan Ang Kahusayan – ang pangangasiwa na maayos mabisa at may moralidad.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga Bahagi ng Kahusayan, tingnan ang OSHCQA *Quality Practices Guide* (2003).

Ang papel na ginagampanan ng mga pamilya sa OSHCQA

Hinihikayat ng OSHCQA na ang bawat serbisyo at mga pamilya na sama-samang gumawa at magrebisa sa mga pilosopya, alituntunin at pamamaraan. Ito ay makakatulong sa pagbuo ng mga karanasan at pag-uugnayan sa pagitan ng mga bata at kawani.

Mahalaga rin na ang mga pamilya ay malayang na makakapag-usap sa mga tagapag-alaga o kawani ng serbisyo tungkol sa mga alituntunin ng paalagaan sa disiplina, kalinisan, pamamasyal, pagbabakuna, pagsanggalang sa sikat ng araw at pang kaligtasan.

Hinihikayat ng OSHCQA ang mga kasapi ng pamilya at komunidad na makilahok sa mga gawain ng serbisyo. Ito ay tumutulong sa mga bata upang makilala ang kanilang komunidad at mapaunlad ang kanilang kakayahang pangkomunidad.

Paano Madaragdagan ang Kaalaman Tungkol sa Mahusay na Pagkakaalaga ng Anak

Ang NCAC ay masigasig na nakikipagtulungan sa mga pamilya na madagdagan ang kaalaman tungkol sa mahusay na pagkakaalaga sa anak. Ang impormasyon tungkol sa Katiyakan sa Mahusay na Pagkakaalaga sa Bata (Child Care Quality Assurance) ay nasa website ng NCAC. Mayroon ding mga kopya ng mga nilimbag na sa mga nagbibigay ng serbisyong pangangalaga sa mga bata.

Ang mga pamilyang nababahala sa kalidad ng pangangalagang ibinibigay ng isang paalagaan ng bata kung walang eskwela ay dapat makipag-usap tungkol sa mga bagay na ito sa paalagaan ding iyon. Ang mga mahusay na serbisyo ay may maliwanag at malinaw na proseso sa paghawak ng mga hinanaing at reklamo. Kung naghain na kayo ng mga pangamba tungkol sa isang serbisyo ng paalagaan sa bata kung walang eskwela ngunit hindi ito nasagot nang maayos, ang NCAC ay may proseso sa paghawak ng mga reklamo. Makakuha ng kopya nito sa aming website o tawagan ang NCAC.

Para sa dagdag na impormasyon sa pagkaka-alaga ng bata at pagpili ng isang mahusay na serbisyo, tawagan po ang NCAC sa **1300 136 554**.

Mga Oras ng Opisina:	Lunes hanggang Biyernes 8:30nu – 5nh, oras ng NSW
Padalahan ng Sulat:	Level 3, 418-a Elizabeth Street Surry Hills Sydney NSW 2010
Telepono:	1300 136 554 **Fax:** (02) 8260 1901
E-mail:	qualitycare@ncac.gov.au
Website:	www.ncac.gov.au

Telephone Translating Service para sa mga tawag sa mga wikang hindi Ingles: 131 450

National Relay Service para sa mga tumatawag na may kapansanan sa pakikinig o pagsasalita: 131 677

Ibang Magagamit na Kontak

Child Care Benefit – mga kabayaran sa pamilya upang makatulong sa mga gastusin sa pagpapaalaga. Tawagan ang Family Assistance Office sa 136 150 o ang inyong pinakamalapit na Centrelink o Medicare office.

Fair Trading and Consumer Affairs – kung nababahala kayo tungkol sa mga babayaran sa pagpapa-alaga o mga kontrata, tawagan ang departamento sa gobyerno na responsable sa makatarungang ugnayan ng kalakalan at mga mamimili.

© National Childcare Accreditation Council Inc - June 2005